RIZAL

Sa mga Kababaihang Taga-Malolos ni Jose Rizal: Buod at Gawain

Akda ni Jose Rizal (dominyo publiko). Ang buod at gawaing ito ay inihanda ng akingmaiklingkwento.com batay sa mga pinagkunang nakalista sa dulo.

Buod ng liham

Binabati at pinupuri ni Rizal ang mga dalagang taga-Malolos sa kanilang tapang sa paghingi ng paaralan sa kabila ng pagtutol ng mga prayle. Hinihikayat niya silang magpatuloy sa pag-aaral at sa pagpapabuti ng sarili.

Ayon sa mga talakay tungkol sa liham, ginamit ni Rizal ang halimbawa ng mga inang Spartan upang ipakita ang disiplina at pagkamakabayan, at nagbigay ng payo tungkol sa pagpili ng mabuting asawa at sa pagpapalaki ng mga anak na may dangal. Itinuturing ang liham bilang isa sa pinakamahalagang pahayag niya tungkol sa papel ng kababaihan sa bayan.

Buod ito batay sa mga pinagkunan sa dulo ng pahina. Para sa buong teksto, basahin ang liham sa inyong aklat o modyul sa Rizal o Filipino.

Gawain: sagutin ang mga tanong

1. Kailan at saan isinulat ni Rizal ang liham, at sa anong wika?
2. Sino ang humiling kay Rizal na isulat ito?
3. Ano ang hiniling ng mga dalagang taga-Malolos kay Gobernador-Heneral Weyler?
4. Sino ang tumutol sa paaralan?
5. Anong halimbawa ang ginamit ni Rizal upang ipakita ang disiplina at pagkamakabayan?
6. Sang-ayon ka ba na mahalaga ang edukasyon ng kababaihan sa pag-unlad ng bayan? Ipaliwanag.

Mga sagot

1. Noong 22 Pebrero 1889 sa London, sa Tagalog.
2. Si Marcelo H. del Pilar, sa liham niya na may petsang 17 Pebrero 1889.
3. Isang gabing paaralan upang matuto ng Espanyol.
4. Ang kura paroko ng Malolos na si Fr. Felipe García.

5. Ang mga inang Spartan, ayon sa mga talakay tungkol sa liham.

6. Malayang sagot. Hayaang magbigay ang mag-aaral ng dahilan at halimbawa.

Mga pinagkunan

• Wikipedia: Mga Kababayang Dalaga ng Malolos (petisyon, pagtutol ng kura at petsa ng liham) (https://en.wikipedia.org/wiki/Mga_Kababayang_Dalaga_ng_Malolos)

• Inquirer: "Malala and the women of Malolos" (ang petisyon at ang bilang ng mga lumagda) (https://opinion.inquirer.net/38878/malala-and-the-women-of-malolos)